

PRAYER

- Pasalamatang ang Diyos para sa dakilang komisyon na sinimulan Niya, at na bahagi ka ng Kanyang misyon. Pasalamatang Siya sa papapadala ng Kanyang Banal na Espiritu upang makasama at gabayan ka.
- Hingin sa Diyos ang kakayahan na ipagpatuloy ang Kanyang misyon, nang sadya, may pagtitiyaga, at sama-sama. Hingin sa Diyos na ibigay sa iyo ang mga salitang maaari mong sabihin sa mga nakapaligid sa iyo.
- Ipanalangin na bigyan ka ng Diyos ng mga pagkakataon na ipangaral ang ebanghelyo sa iyong pamilya, kaibigan, at komunidad. Ipanalangin na magkaroon ka ng mga maka-Diyos na kaibigan na makakasama mo sa pagpapatuloy ng misyon ng Diyos.

NOTES

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

WARM-UP

- Ano ang isa o dalawang mga katagang laging sinasabi ng mga magulang mo noong bata ka?
- Ano ang ilan sa mga tradisyon na sinusunod mo, mag-isa man o bilang bahagi ng isang grupo?
- May guro o huwaran ka bang tinutularan? Sino ang taong ito?

WORD ³⁰Sa loob ng dalawang taon, nanatili si Pablo sa bahay na kanyang inuupahan. At tinanggap niya ang lahat ng dumadalaw sa kanya. ³¹Tinuruan niya sila tungkol sa paghahari ng Diyos at tungkol sa Panginoong Jesu-Cristo. Hindi siya natakot sa kanyang pagtuturo at wala namang pumigil sa kanya. **MGA GAWA 28:30,31**

Ang ebanghelyo ay nagtapos sa pagbibigay ni Jesus sa Kanyang mga disipulo ng Dakilang Komisyon: “Kaya puntahan ninyo ang lahat ng mga lahi at gawin silang mga tagasunod ko.” Sumunod dito ang Aklat ng mga Gawa na nagpakita kung paano ipinagpatuloy ng mga disipulo ang misyon ni Jesus sa pamamagitan ng Banal na Espiritu kahit pa wala na Siya sa mundong ito. Sa huling bahagi ng Mga Gawa, makikita natin si Pablo na buong pusong ipinapahayag na dumating na si Jesus at nagtuturo ng mga itinuro Niya. Ang misyon na ito ay ipinasa na sa atin, bilang mga tagasunod ni Jesus at bahagi ng iisang iglesya. Sa paanong paraan natin maipagpapatuloy ang misyon ng Diyos?



1 | Maging mapanadya.

Pagkalipas ng tatlong araw, ipinatawag ni Pablo ang mga pinuno ng mga Judio . . . **MGA GAWA 28:17**

Kahit binabantayan ng guwardiya, sinasadya ni Pablo na tawagin ang mga tao upang ipangaral ang ebanghelyo sa kanila. Pinili pa niya ang mga taong maimpluwensiya: ang mga pinunong Judio sa kanyang paligid. Sa ganitong paraan, kahit ano pa ang sitwasyon natin, magagawa nating sadyain ang pagtitipon-tipon ng mga tao upang ipaliwanag ang pag-asa na mayroon tayo. Ano ang ilan sa mga paraan na ginawa mo upang magtipon-tipon ang mga tao? Sinasadya mo bang ipangaral ang ebanghelyo?

.....

.....

.....

.....

2 | Maging matiyaga.

Ang iba ay naniwala sa kanyang sinabi, pero ang iba naman ay hindi. **MGA GAWA 28:24**

Ipinangaral ni Pablo ang ebanghelyo mula umaga hanggang gabi. Nangaral siya sa mga naniniwala at sa mga nagdududa. Nagtiyaga siya sa kabila ng panahon na kailangan upang magawa ito, at nangaral siya sa lahat ng nakikinig. Paano ito nakakatulong sa iyo upang magpatuloy din sa pangangaral ng ebanghelyo? Paano ka tumanggap ng kalakasan mula sa Diyos sa mga oras na pinanghihinaan ka ng loob o kaya ay itinatakwil ng mga tao?

.....

.....

.....

.....

3 | Maging mapag-ugnay.

Sinabi pa ni Pablo, "Gusto ko ring sabihin sa inyo na ang salita ng Diyos tungkol sa kaligtasan ay ibinalita na sa mga hindi Judio, at sila ay talagang nakikinig." **MGA GAWA 28:28**

Ang isa sa mga katotohanan ng ebanghelyo ay ang pagiging mapag-ugnay. Para ito sa lahat ng tao. Noong panahon ni Pablo, maraming mga pinunong Judio ang nagalit dahil sa mga sinasabi niya sapagkat naniniwala sila na higit silang pinagpala ng Diyos sa lahat ng tao. Subalit sa kabila ng lahat ng mga diskriminasyon at pagkaka-iba ng mga tao, dapat pa rin nating ipangaral ang ebanghelyo. Kasama dito ang mga tao na hindi natin gusto o kaya ay hindi natin tiyak kung tatanggap ba sa mensaheng sinasabi natin. Paano ka naging mapag-ugnay? Paano mo napagtatagumpayan ang diskriminasyon?

.....

.....

.....

.....

APPLICATION

- Kailangan na sadya nating ipagpatuloy ang misyon ng Diyos. Ano ang tatlong paraan na maaari mong gawin upang magkaroon ka ng pagkakataon na ipangaral ang ebanghelyo sa iyong mga kapamilya, kaibigan, at kasama sa komunidad.
- Kailangan na matiyaga nating ipagpatuloy ang misyon ng Diyos. Naramdaman mo ba na maraming panahon na ang lumipas at may mga tao pa rin na hindi tumatanggap sa mensahe ng ebanghelyo? Magtala ng dalawang paraan kung paano ka dapat tumugon dito.
- Kailangan na sama-sama tayong tumugon sa misyon ng Diyos. May mga tao ba sa pamilya o komunidad mo na nagdalawang isip kang bahaginan ng ebanghelyo? Paano ka magkakaroon ng pananaw at pagmamahal na tulad ng kay Cristo, upang hikayatin ang mga tao, kahit pa ang mga taong hindi mo masyadong gusto?